





Kabanata 10: SI KENNETH



“SIYA BA TALAGA ang anak ni Bathala?” tanong ng binata kay Kiko. Napayuko pa nga si Kiko. Ayaw niyang tumingin sa tila umaapoy na mga mata ni Kenneth. Isang maling sagot lang niya, baka gawin siyang butiki nito.

Ito ang pangatlo at panghuling pagsasanay ni Iska—ang magkaroon ng mas malakas na pangangatawan bago sumabak sa isang mahabang paglalakbay.

“Siya na nga,” magalang na sagot nito. Hindi naman makapagpatawa si Kiko gaya ng pagkausap niya kay Iska dahil si Kenneth ang nasa harap niya. Magbiro ka na sa lasing, huwag lang kay Kenneth. Bakit ba lahat na lang mainit ang ulo?

“Uh. Hello,” bati ni Iska. Sino ba naman ang babati sa isang binata na mukhang may galit sa mundo. Nahiya naman si Apolaki sa kaniya. *Awkward*. Hindi niya alam ang sasabihin.

Inabot ng binata ang kamay. “Kenneth Bautista nga pala.” Hindi naman nakipagkamay si Iska sa binata dahil sa takot. Baka ipitin pa nito ang kamay niya, mahirap na at baka mapahamak pa siya. Saka, malay niya ba kung sinong nilalang na naman itong kaharap niya.

Napatingin si Iska kay Kiko na kanina pang nakapatong sa balikat niya. “Sino ba ’yan? H’wag mong sabihing Tikbalang naman siya. Siyokoy. O kapre,” sabi ni Iska.

“Bestie, siya si Kenneth. Siya ang magtuturo sa iyo kung paano makipaglaban.” Alangan ang pagsagot ni Kiko. “Wag mong gagalitin si Kenneth. Kasi... Siya lang naman ang isa sa mga binatang nagbabantay sa Hiwaga. Galing siya sa angkan ng mga tagapagsanay.”

“Anong angkan ’yon?” tanong nito.

“Ikaw, galing ka sa tagapagtanggol, siya naman, sa tagapagsanay.”

Tumahimik na lang uli si Iska at hindi na sumagot. Nag-observe siya sa paligid. Wala sila sa Hiraya. Wala rin sila sa mundo nina Iska. Pero hawig ng lugar na ito ang isang abandonadong *football field*. Pulos matataas na damo lang ang nakikita niya. Wala nang iba pang makita kundi ang lupa, matataas na damo, at asul na langit. May isang puno pa rin ng tipolo ang hindi nawawala. Nasa gitna ito. Hindi inasahan ni Iska na may ganitong lugar pa siyang mapupuntahan.

“Bakuran namin ’to. ’Di kita kikidnapin. *Excuse me*,” sabi ni Kenneth. Kung babae ito, marahil inirapan na nito si Iska.

Tiningnan uli ni Iska si Kenneth. Hindi niya sigurado kung ilang taon ang binata pero mukhang hindi naman siguro lalagpas ng dalawampung taong gulang. Moreno ito. Malinis ang pagkakagupit ng mahabang buhok na hanggang balikat. Malalaki rin ang balikat at bisig nito. Akala mo *athlete* dahil sa pangangatawan. Siya iyong *classmate* mo na hindi mo aawayin dahil isang tingin lang, talo ka na. Naamoy rin ni Iska ang binata. Matapang ang amoy. Parang handa siyang ipaglaban sa giyera ang dating. May tindig ito na handang-handang makipaglaban.

Suot nito ang isang puting T-shirt at shorts na hanggang tuhod. Hindi mag-aakala si Iska na sa ikatlong pagsasanay ay may lilitaw na isang nakabibighaning binata.

“Ano bang gagawin?” tanong ni Iska. Bakit sa una at ikalawa niyang pagsubok, naitawid niya namang mag-isa. *Well*, nahirapan siya nang bahagya at ilang beses nawalan ng malay. Hindi niya sigurado kung mauulit ang pagkahimatay niya kasama ang binatang ito.

“Inihabilin ka ni Apolaki sa akin. Kailangan mo munang dumaan sa huling pagsasanay para mahanap ang kampana,” paliwanag nito. Nag-unat ng mga bisig ang binata sa harap. Rinig ni Iska ang pagtunog sa *stretching* ni Kenneth sa harap niya.

Alam na ni Iska ang pakiramdam ng mga manok sa sabungan. Pakiramdam niya, siya iyong manok na kailangang maghanda bago isabak sa tunay na laban.

Lumapit si Kenneth sa kaniya. Hinawakan nito ang mga kamay ni Iska saka tiningnan. “Halatang walang ginagawa sa bahay. Tsk.” Nanlamig si Iska sa ginawa ng binata. Kinikilig ba siya o kinakabahan? Ang alam niya lang, naramdaman niya ang mga palad ni Kenneth na sobrang init. Napaso siya pero hindi niya naman dinamdam. Nag-init ang mga pisngi niya dahil sa ginawa ng binata. Ang init talaga ng kamay nito.

“Kasama ba ’to sa training?” tanong niyang muli.

Inutusan ni Kenneth si Iska. “Tumayo ka nga ng tuwid.” Agad namang sumunod ito. “Itaas mo nang mataas ang mga braso mo. Itaas at abutin mo nang dahan-dahan ang lupa. Gawin mo nang *ten times*.” Bukod rito, pinag-unat pa si Iska ng katawan na akala mo ay sa PE class nila.

Awtomatiko namang sumunod si Iska. Para siyang *robot* na lahat ng sasabihin ni Kenneth, susundin niya. Hingal na hingal siya sa ikalimang pagyuko pa lamang.

“Kapag tumigil ka, uulit ka sa umpisa,” babala ng binata.

Bumaba naman si Kiko mula sa balik at ni Iska. Naupo ito sa tabi at pinanonood ang dalaga. Pakiramdam ni Kiko, napakawalang-kuwenta niya sa oras na ito. Pero wala siyang *choice* kundi hayaang magsanay si Iska sa ilalim ng binatang may pinakamainiting ulo sa buong Hiwaga.

Nang matapos ang *stretching* ni Iska, pinatakbo naman siya nang paulit-ulit ni Kenneth.

“Nakikita mo ’tong buong lugar na ito?” Napalunok si Iska. Ganito kalawak ang *indoor basketball court* nila sa *school*. “Tumakbo ka paikot ng limang ulit. Kapag tumigil ka o bumagal, uulit ka sa simula.” Humihingal si Iska at hindi pa agad makakilos. Hindi siya sinanay sa bahay para magkikilos ng katulad sa ginagawa niya ngayon.

“Hindi na ba ’to matatapos? Hindi ba puwedeng bigyan n’yo na lang ako ng *superpower* ’tapos hanapin ko na lang ang kampana?”

Nagulat si Kiko. Nadismaya naman si Kenneth.

“Hindi ko inakala na ganito pala kasutil ang anak ng Bathala.” Mapangmaliit na tingin ang ibinato ni Kenneth kay Iska. “Kung ayaw mo, bumalik ka na lang sa inyo at hayaan mong tumanda na lang at mawala ang mga mahal mo sa buhay. Hayaan mo na lang ding magdilim ang mundo. Sarili mo lang ang iniisip mo.”

Nagpagpag ng damit ang binata. Tinalikuran nito si Iska.

“*Bestie!!!*” Wag mo hayaang umalis siya. Mag-sorry ka.” Ito na lang talaga ang kayang gawin ni Kiko para sa kasama. Hinatak ni Kiko si Kenneth

kahit natatakot siya rito. Kailangan ni Iska si Kenneth. Kailangang matapos ang pagsasanay kundi, katapusan na.

Napalunok naman ng laway si Iska. Kailangan niya nang lumakas, kung hindi, wala na siyang pamilyang maaabutan.

Buong lakas niyang hinabol ang binata. Kaya lang sa paghabol niya, nakatapak siya ng isang bato at aksidenteng nadapa at bumagsak sa binata. Naramdaman ni Iska ang pagbagsak sa binata. Sa isip-isip niya, baka katapusan niya na talaga.

Nadaganan talaga ni Iska si Kenneth. “*Shocks. Sorry.*” Alam ni Iska na walang magagawa ang *sorry* pero sinabi pa rin niya. Naipit ng siko niya ang likod ni Kenneth. Napaaray na lang si Kenneth sa sakit. Agad na umalis si Iska sa pagkakadagan kay Kenneth. Si Kiko, natutuliro. Bakit ba ang basag-ulo kumilos ni Iska? Wala sa lugar minsan.

“Iska. Pwede bang maging seryoso ka naman!” Napalakas ang sigaw ni Kenneth. Hindi ito nakatayo agad. Nakaupo pa rin ito sa lupa habang inaalalayan ang likod sa bandang balakang.

“*Sorry* talaga. Baka umalis ka kase. Hindi na talaga ako magrereklamo. Seryoso naman ako.” Sunod-sunod ang pagsasalita ni Iska. Alam niyang sasabog na sa inis ang kausap kaya inunahan niya na lang ng *sorry* at pakiusap. Mabisang paraan raw ito para hindi na humaba ang pagtatalo.

Dahan-dahang bumangon ang binata. Sinubukan ni Iska na tumulong pero itinaboy siya nito. “Kaya ko ang sarili ko. Ikaw? Kaya mo?”

Gustong dibdibin ni Iska ang sinabi ng kausap. Sa totoo lang, alam naman niya sa sarili niyang marami pa siyang kailangang gawin. Tanggap niya iyon. Kakayanin niya ang lahat. Kaya niya ang sarili. “Kakayanin ko, Kenneth. Kaya simulan na uli natin.”

Nakaupo pa rin si Kenneth nang sinabihan si Iska na tumakbo paikot nang limang ulit. Nag-*stretching* si Iska bago tumakbo. Ginaya naman siya ni Kiko sa pag-uunat ng katawan. Palagay talaga ni Kiko, siya ang *best partner* na nuno *ever*. Nagdadasal si Kiko sa mga ninuno niya na sana hindi uminit ang ulo ni Kenneth. Sana talaga hindi.

Diretso ang tingin ni Iska sa tatakbuhan. Kasinlawak lang ito ng *basketball court* nila. Nagawa niya ngang maging martir sa *basketball player*, ang takbuhin pa kaya ang ganito kalawak na lugar?

Huminga nang malalim si Iska. Sa hudyat ni Kenneth, iniangat niya ang mga paa at nagsimulang tumakbo. Diretso ang paningin niya. Wala naman siyang ibang makita kundi ang pare-parehong tanawin—ang damo at ang langit. Tumatakbo si Iska at hindi hinahayaang maghabol

siya ng hininga. Naalala niya sa PE *class* nila noon, para hindi hingalin, obserbahan ang hininga tuwing tatakbo o mag-eensayo.

Nakalimang ikot din si Iska. Tumigil siya sa harap ni Kenneth. Tumulo ang pawis niya at pumatak pa sa lupa. Nasa gilid pa rin si Kiko at nagpanggap na *cheerleader*. Nakapamaywang naman si Kenneth na animo ay striktong *basketball coach* ng *school*.

“Pumunta tayo sa labas.” Tinawag ni Kenneth si Iska. Lumabas silang tatlo at pagbukas ng malaking pinto ni Kenneth, bumungad sa kanila ang isang malawak na hardin na may nakatanim na iba’t ibang puno. Teka? Ito ang likod bahay nila Iska. Ito ang pinagtataniman ni Lola ng mga halamang gamot niya. Nakita pa nga niya ang puno ng tipolo sa harap nila.

“Para sa susunod mong pagsasanay, akyatin mo ang puno ng tipolo na iyan.” Itinuro ni Kenneth ang puno ng tipolo sa gitna. Napalunok ng laway si Kiko. Nalula naman si Iska sa tipolo. Pero hindi siya susuko. Malayo na ang narating niya. Ngayon pa ba siya titigil.

Nilapitan ni Iska ang puno ng tipolo. Hindi gaya sa ibang puno, makapal na ang katawan at mga sanga nito. Malalapad rin ang dahon. Makakapal kumpara sa iba pang puno sa hardin ng lola niya. Noon pa man, kilalang-kilala na ni Iska ang puno na ito. Alam niya ang gagawin.

Una niyang hinawakan ang naabot niyang sanga ng tipolo. Dahan-dahan niyang iniangat ang sarili. Subalit, sa unang subok ay naputol niya ang sanga ng puno. Bumagsak siya sa lupa.

“Ulitin mo pa,” utos ng binata. Nakatiklop ang mga braso nito. Boss lang ang datingan.

Sinubukan uli ni Iska. Sa pagkakataon na ito, mahigpit niyang hinawakan ang pinakamakapal na sanga na naabot niya. Itinapak niya ang paa sa katawan ng puno at saka binuhat ang sarili. Inabot ng kaliwang kamay niya ang isa pang sanga sa gilid ng puno. Kasabay naman nito ay ang paghakbang pataas ng isa niyang paa. Inulit-ulit ni Iska ang ginawa hanggang makarating sa pinakagitnang bahagi ng tipolo.

Nakahinga naman nang maluwag si Kenneth nang makitang kaya naman ni Iska umakyat sa puno. “Bilisan mo pa. Kapag hinabol ka ng sigbin at ganyan ang pagkilos mo, tapos ka.”

“Ayoko na talaga,” parang batang reklamo ni Iska. Pero wala itong pagod niya sa hirap na nararanasan ng pamilya ngayon. Sa bawat oras na lumilipas, siguradong mas nanghihina ang pamilya. Wala siyang choice kundi sundin lahat.



Dahil mas determinado na siya ngayon, mas naging mahigpit ang pagkakahawak niya sa pinakamalapit na sanga. Hindi nagtagal, tumama rin siya sa pag-akyat sa punong ito. Nakarating siya sa tuktok nang hindi nagrereklamo. Sa wakas, nagawa niya rin.

Bababa na sana si Iska mula sa puno ng tipolo, kaya lang, mali ang natapakan niyang sanga. Dumaosdos siya pababa sa madulas na puno ng tipolo. Tumama ang ulo niya sa malaking bato sa tabi nito.